

PAGHAHAIN NG APELA

Sa pangkalahatan, maaari mong iapela ang aksyong isinagawa ng Franchise Tax Board (FTB) sa Notice of Action o claim para sa refund kaugnay ng buwis sa kita, o ang pagpapasyang ibinigay ng Appeals Bureau ng California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) kaugnay ng buwis sa negosyo. Kung maghahain ka ng protesta o claim para sa refund sa FTB, isasapinal ng FTB ang pagpapasya nito sa protesta sa pamamagitan ng pagbibigay ng Notice of Action (NOA). Sa kaso ng CDTFA, magbibigay ito ng Pagpapasya upang lutasin ang petisyon para sa muling pagtukoy o claim para sa refund. Kung tumututol ka sa NOA ng FTB o Pagpapasya ng CDTFA, maaari kang maghain ng apela sa OTA. Maaari ka ring mag-apela ng claim para sa refund, kahilingan para sa pagbabawas ng interes, o kahilingan para sa pagpapagaan ng pananagutan ng inosenteng asawa na hindi ginawan ng aksyon ng FTB sa loob ng anim o higit pang buwan.

Sa pangkalahatan, dapat mong hintaying maibigay ang NOA o Pagpapasya bago ka makapaghain ng apela sa OTA. Kapag naibigay na ang NOA o Pagpapasya, magkakaroon ka ng limitadong panahon upang maghain ng apela. Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat ihain ang iyong apela sa OTA sa loob ng 30 araw pagkatapos maibigay ng CDTFA ang Pagpapasya, 30 araw pagkatapos maibigay ng FTB ang NOA sa protesta, o 90 araw pagkatapos tanggihan ng FTB ang claim para sa refund. Kung hindi ka mag-aapela sa OTA bago ang deadline, mawawala ang karapatan mong maghain ng apela sa OTA.

Bukod rito, kung hindi gagawan ng aksyon ng FTB ang claim para sa refund, kahilingan para sa pagbabawas ng interes, o kahilingan para sa pagpapagaan ng pananagutan ng inosenteng asawa na isinumite ng taxpayer sa loob ng anim na buwan, maaari kang maghain ng apela sa OTA kahit kailan bago gumawa ng aksyon ang FTB sa claim para sa refund.

Upang maghain ng apela, bisitahin ang Office of Tax Appeals Portal (OTAP) o kumpletuhin ang Form L-01 ng OTA. Tiyaking ipaliwanag ang batayan para sa iyong apela. Hindi kailangang gamitan ang iyong apela ng pormal at legal na terminolohiya, ngunit ito ay maaaring nasa anyo ng liham na gumagamit ng impormal na salita.

Kung pipiliin mong hindi gamitin ang Form L-01 ng OTA, pakitiyak na isasama ang sumusunod na impormasyon para sa iyong apela.

Para sa mga apela mula sa aksyon ng FTB, isama ang:

- *Pangalan*
- *Social Security Number (SSN) o Taxpayer Identification Number (TIN)*
- *Address at numero ng telepono (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*
- *Mga email address (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*
- *Kopya ng abisong inaapela. Sa mga kasong nauugnay sa hindi paggawa ng aksyon ng FTB sa claim para sa refund, kahilingan para sa pagpapagaan ng pananagutan ng inosenteng asawa (kapag humiling ng pagpapagaan ng pananagutan sa buwis ang kasamang naghain), o kahilingan para sa pagbabawas ng interes, dapat kang magbigay ng kopya ng claim, kahilingan, o pagtukoy*
- *Nauugnay na (mga) taon ng buwis*
- *Mga impormasyon at partikular na dahilan para sa iyong paninindigan, kasama ang mga legal na awtoridad*

- *Nauugnay na halaga o pagtatantya, kung alam*
- *Anumang isinukong bahagi ng halaga*
- *Lagda (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*

Para sa mga apela mula sa aksyon ng CDTFA:

- *Pangalan*
- *Address at numero ng telepono (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*
- *Mga email address (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*
- *Case ID at account number mula sa CDTFA*
- *Mga impormasyon at partikular na dahilan para sa iyong paninindigan, kasama ang mga legal na awtoridad*
- *Nauugnay na halaga o pagtatantya, kung alam*
- *Anumang isinukong bahagi ng halaga*
- *Petsa ng Pagpapasya ng Appeals Bureau ng CDTFA*
- *Kopya ng Pagpapasya ng Appeals Bureau ng CDTFA*
- *Lagda (sa iyo at sa kinatawan mo, kung naaangkop)*

Kung matutukoy ng OTA na hindi sapat ang impormasyong ibinigay sa kahilingan para sa apela, bibigyan ka ng OTA ng 30 araw upang ibigay ang anumang kulang na impormasyon. Isasaalang-alang lang ng OTA ang dokumentasyong isusumite sa prosesong ito.

Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

Online na Pagsusumite:

OTAP (Office of Tax Appeals Portal): Bisitahin ang appeal.ota.ca.gov upang ihain ang iyong apela sa elektronikong paraan. Binibigyang-daan ng OTAP ang secure na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga taxpayer, kanilang mga kinatawan, at mga ahensya sa buwis.

Mailing Address:

State of California Office of Tax Appeals
P.O. Box 989880
West Sacramento, CA 95798-9880

Fax Number: (916) 492-2089

Magtabi ng mga kopya ng lahat ng isinuniteng dokumento, kasama ang patunay ng pagpapadala o pagkumpirma ng fax.

Magpapadala ang OTA ng nakasulat na pagkilala kapag natanggap na ang iyong apela. Hindi kinukumpirma ng pagkilalang ito ang pagiging valid ng iyong apela.

Pakikipag-ugnayan at Suporta:

- **Ombudsperson:** Para sa mga resource o impormasyon, makipag ugnayan sa Ombudsperson ng OTA sa info@ota.ca.gov o (916) 206-4355. Hindi makakapagbigay ng legal na payo ang tauhan ng OTA ngunit maisasangguni ka niya sa mga legal na resource kung kailangan mo ng tulong na hindi nauugnay sa mga isyu sa proseso.
- **OTAP:** Gamitin ang OTAP upang tingnan ang status ng iyong apela at makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang tagasuri.